

Pagkalkula ng Antas ng Paglahok para sa mga Tagapagpahiwatig ng ELA, Matematika, at Agham para sa Dashboard



Inaatasan ng Batas para sa Tagumpay ng Bawat Mag-aaral (Every Student Succeeds Act, ESSA) ang lahat ng estado na magsagawa ng pagsusulit sa hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng mag-aaral at mga grupo ng mag-aaral sa Sining ng Wikang Ingles/literacy (English language arts, ELA) at matematika (math). Inaatasan din nito ang mga estado na isama ang antas ng paglahok sa kanilang mga sistema ng pananagutan, na sa California ay ang mga Tagapagpahiwatig ng ELA at Matematika. Nakabatay ang mga Tagapagpahiwatig ng ELA at Matematika sa mga Panghuling Pagtatasa ng Smarter Balanced at mga Alternatibong Pagtatasa ng California (California Alternate Assessments, CAA) para sa ELA at Matematika. Bagama't walang pederal na kinakailangan na magsagawa ng Pagsusulit sa Agham ng California (California Science Test, CAST) o CAA para sa Agham sa hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng mag-aaral, pinili ng Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California (California State Board of Education, SBE) na magpatupad ng minimum na antas ng paglahok para sa lahat ng lokal na ahensyang pang-edukasyon (local educational agency, LEA), paaralan, at grupo ng mag-aaral sa buong estado. Samakatuwid, kinakailangan sa mga pagtatasa sa ELA, matematika at agham na masuri ang hindi bababa sa 95 porsyento ng lahat ng mag-aaral.

Para sa anumang LEA, paaralan, o grupo ng mga mag-aaral na may mas mababa sa 95 porsyento ng mga mag-aaral na nasuri, iniaatas ng ESSA na maglapat ng penalty sa mga Tagapagpahiwatig ng ELA at Matematika, at iniaatas naman ng SBE na maglapat ng penalty sa Tagapagpahiwatig para sa Agham. Upang matugunan ang mga kinakailangang ito, ibinibigay ng California ang Pinakamababang Posibleng Marka sa Sukatan (Lowest Obtainable Scale Score, LOSS) sa bawat mag-aaral na kailangang isama para maiangat sa 95 porsyento ang antas ng paglahok ng LEA, paaralan, o grupo ng mga mag-aaral. Ang LOSS na itinalaga sa bawat mag-aaral na hindi sumailalim sa pagsusulit ay ginagamit pagkatapos sa pagkalkula ng Agwat mula sa Antas ng Kahusayan (Distance from Proficiency, DFP) o Mga Puntos sa Agham (Science Points, SP).

Mahalagang tandaan na ang pagtatalaga ng LOSS ay nangyayari lamang kapag kinakalkula ng Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ang mga Tagapagpahiwatig ng ELA, Matematika, at Agham sa Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard). Ang mga mag-aaral na hindi sumailalim sa pagsusulit ay **hindi** makakatanggap ng LOSS sa kanilang indibidwal na Mga Ulat ng Marka ng Mag-aaral ng Pagtatasa ng California sa Pagganap at Pag-unlad ng Mag-aaral (CAASPP) o sa File ng Data ng Marka ng Mag-aaral ng CAASPP.

Update para sa 2026

Noong Marso 2026, inaprubahan ng SBE ang pagbabago sa paraan ng pagkalkula ng antas ng paglahok para sa mga Tagapagpahiwatig ng ELA, Matematika, at Agham sa pamamagitan ng pag-aalis ng paggamit ng mga grace period sa pagkalkula ng antas ng paglahok.

Pagkalkula ng Antas ng Paglahok sa Dashboard

Tinutukoy sa pagkalkula ang bilang ng mag-aaral na kinakailangan upang maitaas sa 95 porsyento ang antas ng paglahok ng LEA, paaralan, o grupo ng mag-aaral. Itatalaga sa bawat isa sa mga mag-aaral na ito ang sumusunod na DFP o SP score batay sa kanilang pagtatasa:

- ELA: 333 puntos na mas mababa sa proficient
- Matematika: 348 puntos na mas mababa sa proficient
- Science: 0 SP

Halimbawa ng Pinag-isang LEA Gamit ang Pagkalkula ng Penalty sa Antas ng Paglahok para sa ELA

Impormasyon ng LEA	Pamamaraan sa Pagkalkula ng Penalty sa Antas ng Paglahok
Bilang ng mag-aaral na naka-enroll sa panahon ng pagsusulit sa grade three hanggang grade eight at grade eleven sa Pinag-isang LEA na kwalipikadong lumahok sa mga summative at alternate assessment ng ELA	355 mag-aaral
Bilang ng mag-aaral na kailangang sumailalim sa pagsusulit para maabot ang target na 95 porsyentong antas ng paglahok	338 mag-aaral ($355 \times 0.95 = 337.25$ ni-round off sa 338)
Bilang ng mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit DFP ng mga mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit bago ang penalty	268 mag-aaral 4,355 puntos
Pagkakaiba sa pagitan ng bilang ng mag-aaral na kailangan para maabot ang 95 porsyento at ng bilang ng mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit	70 mag-aaral (338 mag-aaral na kailangan minus 268 mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit)
Pagkalkula ng penalty sa antas ng paglahok	Bawat isa sa 70 mag-aaral ay itatalaga ng LOSS at makakatanggap ng DFP na 333 puntos na mas mababa sa proficient (DFP para sa ELA). $70 \times (-333) = -23,310$ na penalty
Pagkalkula ng ini-adjust na DFP	4,355 (DFP na walang penalty) – 23,310 (penalty sa antas ng paglahok) = -18,955
Panghuling pagkalkula ng DFP	-18,955 ÷ 338 (bilang ng mag-aaral na kailangan para maabot ang target na 95 porsyento) = -56.08 Ang DFP ng LEA ay ni-round off sa -56.1 puntos mula sa Antas ng Nakamit na Kasanayan 3 (Proficient).


Halimbawa ng Middle School Gamit ang Pagkalkula ng Penalty sa Antas ng Paglahok para sa Agham

Impormasyon ng Paaralan	Pamamaraan sa Pagkalkula ng Penalty sa Antas ng Paglahok
Bilang ng mag-aaral na naka-enroll sa panahon ng pagsusulit sa grade eight sa middle school na kwalipikadong lumahok sa CAST at CAA para sa Agham	225 mag-aaral
Bilang ng mag-aaral na kailangang sumailalim sa pagsusulit para maabot ang target na 95 porsyentong antas ng paglahok	214 mag-aaral ($225 \times 0.95 = 213.75$ ni-round off sa 214)
Bilang ng mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit	189 mag-aaral
Mga SP ng mga mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit bago ang penalty	10,017 SP
Pagkakaiba sa pagitan ng bilang ng mag-aaral na kailangan para maabot ang 95 porsyento at ng bilang ng mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit	25 mag-aaral (214 mag-aaral na kailangan minus 189 mag-aaral na sumailalim sa pagsusulit)
Pagkalkula ng penalty sa antas ng paglahok	Ang bawat isa sa 25 mag-aaral ay itatalaga ng LOSS na 0 SP.
Panghuling pagkalkula ng SP	$10,017 \div 214$ (bilang ng mag-aaral na kailangan para maabot ang target na 95 porsyento) = 46.81 Ang SP ng paaralan ay ni-round off sa 46.8 SPs .

Available ang mga ulat sa antas ng paglahok ng LEA, paaralan, at grupo ng mag-aaral para sa mga Tagapagpahiwatig ng ELA, Matematika at Agham sa [web page ng Mga Karagdagang Ulat at Data ng CDE Dashboard ng Paaralan](#) gayundin sa [web page ng Mga Nada-download na Data File ng CDE](#).

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [web page ng CDE Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta](#).

Mag-email sa Analysis, Measurement, and Accountability Reporting Division sa dashboard@cde.ca.gov.



Agosto 2026